Pangangasiwang Pananalapi ng Lungsod ng Long Beach

PAGSUSUBASTA NG MGA LIEN SALE

Ang Pagsusubasta ng mga Lien Sale ng Lungsod ng Long Beach ay ginaganap tuwing ikalawa ng Martes at bukas sa publiko. Ang lokasyon ay sa 3111 E. Willow Street, Long Beach, California sa pagitan ng Temple Avenue at Redondo Avenue. Lahat ng mga sasakyan ay binebenta “NANG KUNG ANO ITO, KUNG SAAN ITO” at sa lahat ng kamalian. Hindi magbibigay ng garantiya o refund ang nagbebenta. Ang mga sasakyan ay binebenta sa isang bukas na kompetitibong pagsusubasta ng presyo. Ang pinakamataas na magsubasta ang makabibili. Ang nagpapasubasta ay may karapatang tumanggi sa anumang presyo at itigil ang pagbebenta ng isang sasakyan. Sa pagkakataong may isang pagrereklamo, ang desisyon ng nagpapasubasta ang magiging pinal.

MGA LISTAHAN NG SINUSUBASTA AT MGA LARAWAN

Para tingnan ang listahan at mga larawan, i-click ang angkop na pangalan sa ibaba. Ang mga file ay maaaring i-print o/at i-save. Kung hindi lumabas ang isang file pagkatapos i-click, hindi pa ito available.

MGA DETALYE SA PAGSUSUBASTA

- Kailangang 18 taong gulang o pataas upang makapasok at magkaroon ng isang balidong lisensya sa pagmamaneho o balidong card ng pagkakakilanlan ng estado na may petsa ng kapanganakan.
- Bawal ang mga alagang hayop (maliban sa mga gabay na aso).
- Bawal ang mga sandalyas o mga sapatos na lantad ang daliri ng paa.
- **Ang pagdalo, pagtingin at paglahok bilang nagsusubasta ay LIBRE na ngayon.**
- Lahat ng kalahok ay kailangang magparehistro upang makalahok sa proseso ng pagsusubasta. Ang mananalong nagsusubasta ay kailangang magbayad ng $21 na bayaring nagsusubasta. Ang bayaring ito ay hindi kasama sa presyo ng (mga) biniling sasakyan sa subasta.
- Walang pagpapapasok pagkatapos ng 9:50 a.m.
- Mga paraan ng pagbabayad na tinatanggap: cash, Visa, MasterCard, Discover Card o mga debit card mula sa U.S.A. (Hindi tinatanggap ang mga tseke). Cash lamang para sa pagpaparehistro ng card ng nagsusubasta.

Pangangasiwang Pananalapi ng Lungsod ng Long Beach

- **Ang (mga) nabiling sasakyan ay dapat bayaran ng 4:00 p.m. sa araw ng pagkakabenta.**
- Ang (mga) nabiling sasakyan ay dapat alisin mula sa mga lugar sa loob ng Lungsod gamit ang isang tagahilang trak ng 5:30 p.m. sa araw ng pagkakabenta.
- **Ang mga sasakyang may susi ay bibigyan ng isang walang opsyong bayarin sa susi sa pinal na halaga ng bawat biniling sasakyan. Tingnan ang pahina ng mga Bayarin at Singil sa Paghila para sa mga detalye sa bayarin.**
- Ang pag-angkin sa mga sasakyan ay pag-aari ng Lungsod ng Long Beach. Sinumang kukuha ng pag-angkin mula sa mga sasakyan ay nahaharap sa paghahanap at pag-uusig.
- Hindi pinapayagan ng Lungsod ng Long Beach ang paggamit ng video o pagkuha ng larawan habang nasa lugar na ito maliban kung tiyak na awtorisado ng nangangasiwa sa Lungsod.

Pagbubukas ng Mga Gate	8:00 am - 9:50 am
Mga Oras sa Pagtingin sa Sasakyan	8:00 am - 9:50 am
Mga Oras sa Pagpaparehistro ng Nagsusubasta	8:00 am - 9:50 am
Pagsisimula ng Subasta	9:50 am

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON:

- Tumawag sa (562) 570-2828
- Para ayuda en espanol oprima el numero (562) 570-2828; o
- Bumisita sa opisina ng Dibisyon ng Paghila at Lien Sale ng Lungsod ng Long Beach, sa 3111 E. Willow Street, Long Beach, CA

PAGHILA AT MGA LIEN SALE

562-570-2828

FM-Towing@LongBeach.Gov

Pangangasiwang Pananalapi ng Lungsod ng Long Beach

- Paghila at Mga Lien Sale Home
- Subasta
- Pagkuha sa Iyong Sasakyan
- Mga Bayarin at Singil sa Paghila
- Impormasyon sa Pagbabayad
- Impormasyon sa Pagre-release
- Tinatanggap na Pagkakakilanlan
- Pagkuha sa Pag-aari
- Pag-release ng Sasakyan sa isang Third Party